# Mga Kinakailangan ng Pagtawag ng Dios Yugto 51
# Ang Talinghaga ng Lambat at ang Talinghaga ng Paghahasik

"47 Tulad din naman ang kaharian ng langit sa isang lambat, na inihulog sa dagat, na nakahuli ng sarisaring isda: 48 Na, nang mapuno, ay hinila nila sa pampang; at sila'y nagsiupo, at tinipon sa mga sisidlan ang mabubuti, datapuwa't itinapon ang masasama. 49 Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid, 50 At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. 51 Napagunawa baga ninyo ang lahat ng mga bagay na ito? Sinabi nila sa kaniya, Oo." (Mateo 13:47-51)

Ang mga nagtatrabaho sa pangingisda alam nila na kapag kanilang ibinaba ang lambat sa tubig at kapag kanilang hinila ito ay naglalaman ng iba't ibang uri ng mga isda at lamang dagat. Ganon din alam nila na pagkatapos, kailangan nilang umupo at umpisahang kunin ang mabuting isda at ilagay ang mga ito sa tiyak na mga sisidlan habang ang isang mababang kalidad ay kailangan nilang itapon.

Ang Kaharian ng Diyos ay katulad ng lambat na ibinaba sa dagat at nakakuha ng maraming isda. Maraming tinatawag ang kanilang mga sariling Kristiyano, at sila ay nasa ikaanim sa kabuuon ng populasyon ng mundo. Na kinabibilangan ng lahat ng uri ng Kristiyano ng iba't ibang denominasyon at may iba't ibang katayuan ng pananampalataya at pagtutuon. Ilan sa kanila ay mga tao na ganap na nakatuon sa Diyos. Ganon din ilan sa kanila ay mga taong kabilang sa demoninasyon ng Kristiyano na kahit nanamba sa mga diosdiosan at nagtuturo ng maling doktrina, sa mga taong nabubuhay pa rin sa kasamaan at ginagawa ang masama katulad ng lahat ng nasa sanglibutan.

Lahat sa mga iba't ibang kategorya ng mga Kristiyano sila'y nasa loob ng lambat at tinatawag nila ang kanilang sarili o kilala bilang mga Kristiyano sapagkat sila ay isang uri ng koneksyon na nauugnay kay Kristo o pangalan ni Cristo. Ang isda sa lambat ay lahat ay tinawag na isda ngunit may mabubuti at masasama. Sa parehong paraan may ilang mga Kristiyano na mabubuti at mga masasama, na hindi gumagawa ang mabuti sa kanilang buhay at hindi lumalakad kasama ng Diyos.

Sa talinghaga ng mangingisda na umupo at inihiwalay ang mabuting isda at inilagay ang mga ito sa mga sisidla, itinatapon din nila ang masamang kalidad. Maari nating itanong bakit nila itatapon ang masama maari nilang gamitin ito sa ibang nga hayop o maari nilang gamitin sa ibang mga layunin sapagkat mayroon pa ding laman at ibang organic na materyal.? Ang sagot sa tanong na ito ay ito: ang mangingisda ang kagustuhan ay makakuha ng isda na dapat para sa paggamit ng tao at mabuti para sa pagkain; kaya sa mabuti lamang na karapatdapat para ipagbili ay mapanatili at ang natira ay itatapon.

Sa parehong paraan, nang si Jesus ay nagsasalita sa talinghaga ng lamabat tungkol sa kaharian ng Langit, Siya ay interesado sa mga taong nagnanais mabuhay ng kanilang buhay para sa Diyos at karapatdapat sa paraan na itinalaga ng Diyos para sa atin upang mabuhay sa Kanyang kaharian. Kahit ang mga gumagawa ng masama maari nilang magamit sa iba't ibang mga layunin ngunit sila'y hindi karapatdapat sa Kanyang Kaharian kung ayaw nilang magsisisi. Talikuran ang mga kasalanan, at isuko ang kanilang kalooban at pagmamataas sa Diyos. Sa gayon, kunin ang mensahe ng ganap, kahit na may ginagawang kang maraming mabubuting bagay, ngunit ikaw ay may kasalanan pa din, gumagawa ng masamang mga bagay, at hindi handang magsisi, hindi ka makakapasok sa Kaharian ng Diyos maliban kung ikaw at magsisisi.

Ang ating kaligtasan ay isang regalo mula sa Diyos, sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, "8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios;" (Epeso 2:8) ito ay hindi sa ating sariling katuwiran o dahil may nagawa tayong mabuting bagay tayo ay naligtas. Hindi tayo naligtas dahil tayo ay naglilingkod sa Diyos kundi ginagawa natin ang mabuting gawa. Tinawag tayo ng Diyos mula sa kadiliman at sa buhay ng kasalanan at iniligtas tayo sapagka't Siya ay mabuti. Tayo ay naligtas, "9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri." (Epeso 2:9) Ngunit pagkatapos ng pagliligtas tayo ay tinawag upang tumugon sa anong nais ng Diyos sa atin maging at gumawa para sa Kanya at upang kamitin ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa atin upang gawin,

"10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10) Alam mo ba ang katotohanan na pagkatapos mong iniligtas ng Diyos, Siya ay naghahanap na makita ang tunay na bunga sa iyong buhay? Ang sumusunod ay ang mga bunga na nais ng Diyos na makita sayo:

A. Ang bunga ng pagsisisi, paglayo mula sa kasalanan
B. Bunga ng Banal na Espiritu,. Ating basahin upang ating makita ano ang kailangan gawin nating ngayon, "22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat,23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23) Nais ng Diyos sayo na ihayag ang ganitong mga bunga sa iyong buhay at sa malaking halaga.
C. Bunga ng bagong mga kaluluwa upang makapasok sa Kanyang Kaharian. Ilan sa inyo ang gumgawa upang magdala ng iba na pumunta kay Cristo? Ako'y nananalangin na marami sa inyo ang gumagawa niyaon.

Ang Diyos ay hinahanap ang tiyak na pamantayan at mabuting kalidad. Nais Niyang makita ng malinaw sa ating oagkatapos nating maligtas!

Kaya't tayo ay may pananagutan sa Diyos sa pagiging Kanyang mga anak upang mabuhay sa disiplina at sa Kanyang mga Salita at mga alintuntunin at upang kamitin ang tiyak na mga bagay na inihanda na Niya nang maaga para sa atin upang gawin. Sa aklat ng Genesis bilang nilikha ng Diyos ang mga bagay at habang tinitingnan Niya ang Kanyang nilikha, ito ay paulit ulit na binanggit ang sumusunod na pahayag: nakita ng Diyos na ito ay mabuti. At sa huli na nilikha Niya ang lahat, ito ay mabuti, "31 At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti. At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw." (Genesis 1:31) Nais ng Diyos sa atin na gawin ang pinakamabuting mga bagay.

Kaya laging nais ng Diyos na makita sa atin na gumagawa ng mabubuting bagay sapagka't sa ganitong kadahilanan tayo ay Kanyang nilikha. Sa Tito 3:1 nabanggit dito ang sumusunod: "1 Ipaalala mo sa kanilang pasakop sa mga pinuno, sa mga may kapangyarihan, na mangagmasunurin, na humanda sa bawa't gawang mabuti,

Ganon din nais ng Diyos sayo na maging handa na gawin ang anumang mabuti na inihanda Niya para sayo na gawin, at hindi ka dapat maging handa upang gawin ang masama at gamitin ang anomang binigay ng Diyos sayo upang gumawa ng masama. Huwag ka dapat gumawa ng gawa ng laman na magsisilbi kay Satanas. Ngunit gamitin ang ibinigay ng Diyos sayo upang maglingkod sa Kanya.

Mayroon kang maraming bagay na inilagay sa iyo ng Diyos sa iyong kamay; sa iyong buhay, salapi, materyal na mga bagay, mobile, internet, mga taong nasa paligid mo, atbp. Ginagawa mo ba ang masasamang bagay o mabubuting bagay sa mga ito? Ginagamit mo ba amg iyong salapi upang ilaan sa mga maling at hindi kapaki-pakinabang na mga bagay, pagbili ng alak, paglalaan sa mga babae, o ang mga babae ang naglalaan sayo, atbp. Paano mo inilalaan ang iyong oras? Sinasayang mo ba ang iyong oras sa mobile, Facebook, YouTube, Instagram, Tweeter? Nais ng Diyos na magsisi ka sa lahat ng hindi makadiyos na mga bagay at mga maling gawain sa iyong buhay.

Sa 1 Timoteo 6:17-19 "17 Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiisip, at huwag umasa sa mga kayamanang di nananatili, kundi sa Dios na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak; 18 Na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi; 19 Na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating, upang sila'y makapanangan sa buhay na tunay na buhay." (1 Timoteo 6:17-19) Ang inuutos ng Diyos dito ay huwag magmataas at huwag umasa at magtiwala sa materyal na mga bagay na mayroon ka at maging mayabang, ngunit sa halip magpakumbaba at magtiwala sa Diyos na nagbigay sayo ng lahat ng mayroon ka upang lasapin ang totoong buhay sa Kanyang presensya. Ang tagubilin ng Salita ng Diyos ay "18 Na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi;" (1 Timoteo 6:18) Kaya ikaw ay tinawag upang gawin ang mabuting gawa at ibahagi ang mabuting bagay sa iba. Kung gagawin mo yaon sa gayon inilalagay mo ang iyong sarili sa isang matatag na pundasyon, at hahawak sa totoong buhay, ang Buhay na Walang Hanggan.

Ayon sa 1 Timoteo 1:18 "18 Na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi;" (1 Timoteo 6:18) Tayo ay tinawag upang lumaban ng mabuting laban. Ang mensahe na ating natanggap sa pamamagitan ng Kanyang Salita ay propetikong mensahe na nagpapahayag sa atin ng kalooban ng Diyos sa ating buhay. Habang ating hinahawakan ng mahigpit ang mensahe, tayo ay nahihikayat na tumayong matatag at lumaban ng mabuting laban para sa Diyos. Habang iyong ibinibigay ang iyong buhay sa Diyos at handa ka upang tumayong matatag at buong pagpapasakop sa iyong sarili sa Diyos mapaglalabana mo ang diyablo at siya ay aalis. "7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo" (Santiago 4:7) Habang iyong ipinapasakop ang iyong sarili sa Diyos, sa gayon kayang mong labanan ang diyablo at aalis siya mula sayo. Kapag nakita ng demonyo na nilalalabana mo siya sa maraming beses, sa gayon siya ay lalayo sayo.

"49 Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid, 50 At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin."(Mateo 13:49-50) Sa bersekulo 49 ito ay nagsasalita na ang anghel sa huling panahon ay darating upang putulin o ihiwalay ang masama sa mabuti at sa bersekulo 50 ito ay nabanggit na sila'y itatapon sa pugon ng apoy at yaon ay impiyerno. Ang Langit ay totoo at ang impiyerno ay totoo. Ang masamang isda, ang masasama ay magtatapos sa impiyerno, habang ang mabubuti, ay magtitipon para sa buhay na walang hanggan upang mabuhay kasama ng Diyos magpakailanman.

Ngayon alam na natin ang masama at masasamang bagay habang tayo ay pinapaalalahanan ng gawa ng laman na ating mababasa sa aklat ng Galacia, "19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios." (Galacia 5:19-21) Kaya iwasan at layuan ang ganoong mga kasalanan, pakikiapid, karumihan, kalibugan, pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, sapagkat ang mga nabubuhay sa ganoon ay hindi makakapasok sa Kaharian ng Diyos. Layuan ang gawa ng laman upang ikaw ay makapasok sa Kaharian ng Diyos.

"49 Gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid," (Mateo 13:49) Ang matuwid dito ay matutuwid na mga tao na may mga simulain sa buhay na nagmula sa batas ng Diyos at sa Salita ng Diyos. Naunawaan natin ang tungkol sa masama at ating nauunawaan ang tungkol sa matuwid, na may malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga ito. Sa pagitan ng masama sa mabuti marami ang nasa pagitan. Ngunit ayon sa Salita ni Jesus sa talinghaga itoang matuwid lamang ang maliligtas. Ang masama at ang mga nasa pagitan sila ay hindi. Kaya sa ngayon kung ikaw ay nasa pagitan nais ng Diyos na ikaw ay umunlad patungo sa direksyon ng matutuwid upang maligtas. Hindi nais ng Diyos na umurong o kumilos patungo sa panig ng masama. Si Jesus ay malapit ng dumating, at kailangan mong ihanda ang iyong sarili at kumilos pasulong upang maging matuwid na tao kay Cristo na ating Panginoog Jesus, kaya kapag Siya ay dumating ikaw ay magiging kasama natin sa pagsalubong sa Panginoon sa alapaap.

Ang kaligtasan ay isang paglalakbay na kailangan mong umalis mula sa panig ng masama hanggang matamo mo ang panig ng matuwid, at hind ka mananatili sa gitna o sa pagitan sapagkat ikaw ay mawawala. Mayroong mga bagay na kailangan mo upang mapagtagumpayan upang lumayo mula panig masasama patungo sa panig ng matuwid. Sa parehong kabanata ng Mateo 13 mayroong ibang talinghaga ni Jesus, ang talinghaga ng maghahasik.
"3 At pinagsalitaan niya sila ng maraming mga bagay sa mga talinghaga, na sinasabi, Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik. 4 At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila; 5 At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: 6 At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo. 7 At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang

mga yaon. 8 At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu." (Mateo 13:3-8) Ang maghahasik dito ay ang isa na naghasik ng Salita ng Diyos. Ang maghahasik ay naglagay ng mga binhi sa apat na magkakaibang klase ng lupa gaya ng ating binasa, sa gilid ng daan, mababatong lugar, sa gitna ng mga dawagan at mabuting lupa. Ipinaliwanag ni Jesus sa talinghagang ito na ang maghahasik at ang kahulugan ng apat na lugar na ang binhi ay nahulog.

1. Sa gilid ng daan: "4 At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila;" (Mateo 13:4) Ang kahulugan nito, "19 Kung ang sinoman ay nakikinig ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napaguunawa, ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa kaniyang puso. Ito yaong nahasik sa tabi ng daan." (Mateo 13:19) Upang lumayo mula sa panig ng masama patungo sa panig ng mabuti, kailangan mong ilagay sa iyong isip na dapat mong kunin ng ganap ang Salita ng Diyos. Nang ito'y sinabi na sa mga nakarinig ng Salita ng Kaharian at hindi ito naunawaan, ito'y nangangahulugang hindi nila naintindihan sapagka't ayaw nilang intindihin at tanggapin, sapagka't sila'y may sariling doktrina at paraan ng buhay, at sa ganitong paraan hinahayaan nila ang diyablo na dumating at nakawin ang Salita ng Diyos na iyong natanggap at ang katotohanan at kailangan mong ilapat ang mga ito sa iyong buhay at tuparin ang mga ito upang makaiwas ka sa impiyerno at makaabot sa Langit, sapagkat tinawag ka upang tupdin ang Banal na Kasulatan at hindi baliin ang mga ito.

2. Ang binhi sa mabatong lugar: "5 At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:6 At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo." (Mateo 13:5-6) Ang kahulugan nito, "20 At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita, at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; 21 Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya." (Mateo 13:20-21) Ang dahilan ng kanilang paglayo sa Panginoon, sapagkat sila'y nasakatan sa paguusig at ang mga kaguluhan na kanilang kinaharap sa kanilang buhay dahil sa Salita ng Diyos. Ginawa nila kung ano ang tama at sila'y pinakitunguhan ng masama ng mga kaguluhan at paguusig. Ito ay katulad ng isang tao na nagaral ng mabuti ngunit hindi niya nagawang maayos sa pagsusulit, sigurado siya ay pinanghinaan ng loob at siya ay nasaktan. Pinayuhan ko ang ganyang tao sa pagsasabi sa kanya na bawat pagsusulit ay may layunin at isang aral upang linangin.

* Sa bawat pagsubok at kaguluhan hinayaan ng Diyos iyon sa iyong buhay mayroong isang layunin at mayroong isang aral para sayo upang matutunan.

* Hinayaan ng Diyos ang mga pagsubok at mga kaguluhan na may paguusig na dumating sayo, kahit na sa matutuwid na mga tao, ngunit hindi nais ng Diyos ang matuwid, at ayaw kang masaktan at umatras at umalis mula sa pagsunod sa Diyos kapag ang mga kaguluhan ay dumating; sapagkat sa ganoon, sinusubok ng Diyos ang iyong pananampalataya sa Kanya at nais Niyang magtiis ka sa pagsunod sa Kanya kahit na sa oras ng mga kaguluhan.

* Sa panahon ng mga pagsubok at paguusig kailangan mong lumalim sa Diyos at simulang hanapin Siya at lumapit sa Kanya. Kay Cristo lamang kailangan mong buuin ang iyong pagtitiwala. Sa panahon ng mga pagsubok at paguusig kailangan mong palawakin ang iyong ugat ng malalim sa pagabot sa Diyos at ipahayag sa kanyan ang higit pang pananalangin, higit ng iyong pagibig, katapatan, at pangako.

* Hindi ka dapat maging opurtonista sa Diyos, na hanggat ang mga bagay ay maayos, ipinapangako mo ang iyong sarili at naglilingkod ka sa Diyos, at habang ang mga bagay ay nagiging masama, ikaw ay lalayo sa Diyos, ya ay sinusubukan ka ng Diyos at kung bakit hinahayaan ng Diyos ang mga pagsubok at paguusig na maganap sa buhay ng mga tao ng Diyos at sa iyong buhay.

Dalawang beses sa talinghagang ito ang nabanggit ang pahayag na walang ugat, sa bersekuko 6 at sa bersekulo 21, "6 At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo." "21 Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya." (Mateo 13:6,21) Dapat kang umakto at kumilos bilang isang tao na may ugat at sa mga

simulain ng Diyos upang sundin sa iyong buhay. Katulad ng isang magasawang lalaki at babae, Ipaglagay na ang asawang babae ay nagkasakit, masasaktan ba ang asawa at iiwanan siya? O kung ang asawang lalaki ay napunta sa kaguluhan ang asawang babae ay kukunin ang kanyang sarili at iiwan siya? Kailangan mong kumilos bilang isang tao na may ugat ng simulain mula sa Salita ng Diyos, paglalagay sa iyong isip na kapag nakita ng Diyos na ikaw ay tapat sa Kanya at naninindigang matatag sa paggawa ng Kanyang kalooban Siya ang magpapala sayo ng higit.

3. Ang binhi sa gitna ng mga batuhan: "7 At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon." (Mateo 13:7) Ang kahulugan nito, "22 At ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging walang bunga." (Mateo 13:22) Bakit sila'y hindi tapat at hindi nagmumunga ng mabuting gawa na itinalaga ng Diyos para sa kanila na gawin, ay dahil ng mga pangangalaga sa sanglibutang ito at ang panlilinlang ng kayamanan.

Ang pangagalaga sa sanglibutang ito, ay ang kanilang atensyon na kanilang ibinibigay sa mundo, sila'y nagaalala upang iwanan ang ilang mga bagay na nais ng Diyos sa kanila upang iwanan, sila'y nagaalala na maging kakaiba mula sa mundo at sa mga tao na nasa paligid nila, at sila'y nagaalala kung paanong ang kanilang buhay ay magiging kung kanilang isusuko ang tiyak na mga plano at tiyak na mga tradisyon na nakasayanan ng mga tao. Sila'y maraming pagaalala. Magkaroon ng kamalayan na ang mga pagaalala ay magdadala ng takot sa iyong puso, at yaon ang magpipigil sa Salita ng Diyos na iyong natanggap at sa huli ay hindi ka mamumunga.

Ang panlilinlang ng kayamanan, ang pagibig sa salapi, ay ang hangarin upang maging mayaman, ito ay ang hangarin upang magtipon pa. Upang sabihin ko sayo ang katotohanan, ang higit pa na pera ang habol mo, ang higit na ito ay lalayo mula sayo, ngunit hanapin ang Kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran at lahat ng mabubuting bagay na ito ay idadagdag sayo.

Ang pandaraya din ng kayamanan, ay ang panlilinlang na ang materyal na bagay ay makakaapekto sa iyong buhay. Na ang panlilinlang ay maglalayo sayo mula sa Salita ng Diyos. Marami ang lumayo mula sa Diyos at mula sa paglilingkod sa Kanya dahil sa salapi.

*Nais ng Diyos sayo muli na maglingkod ka sa Kanya at unahin mo Siya at Siya ang tutulong sayong buhay at idadagdag pa sayo ang Kanyang mga pagpapala.

* Marami sila'y lumayo mula sa Diyos dahil sa salapi. Huwag kang kabilang sa mga ganyan!

4. Ang mabuting binhi sa mabuting lupa: "8 At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu." (Mateo 13:8) Ang kahulugan nito, "23 At ang nahasik sa mabuting lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang nagbubunga, ang ila'y tigisang daan, ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu." (Mateo 13:8) Ito ay ang mabuting lupa na sa wakas ay namunga at nagbigay ng pagpaparami. Ginagawa nila iyon sa pagsunod sa Salita ng Diyos pagtanggap nito, pagtitiis sa mga pagsubok, mga kaguluhan at paguusig, sila'y hindi nautukso sa mga pagaaalala ng sanglibutan at sila'y hindi natutukso sa kayamanan o mga materyal na bagay o makamundong kasiyahan upang lumayo sa Diyos.

Sa aking mahal at minamahal: Ang pananaw ng ating simbahan ay pagpaparami sa kapayapaan, nagmula sa Mga Gawa 9:31, "31 Sa gayo'y nagkaroon ng kapayapaan ang iglesia sa buong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo, ay nagsisidami." (Mga Gawa 9:31) Mayroong mga grupo ng mga pamilya na nagsisimula ang pamilyang sumasamba at nagtitipon sa kanilang tahanan at sila'y nakalakip sa simbahan, at sila'y masaya upang sumunod at lumakad sa Diyos at sumunod sa katuruan. Sila'y masaya upang sundan ang kanilang mga anak, at sila'y masaya upang anyayahan ang iba. Ang ibig ko sabihin sayo, ito ay nasa iyong kamay na sumunod at magtiyaga sa pagsunod sa Diyos sa pamamagitan ng makipot na daan. Kung nais mong sumunod sa Diyos walang sinuman ang pipigil sayo mula sa paggawa niyaon.

Napagtagumpayan namin ang mga pagsubok at paguusig at namumuhay kami sa kapayapaan at kagalakan, at pagpaparami sa pagaaliw ng Banal na Espiritu. Kami ay namoroblema at nasaktan ngunit napatagumpayan sa pagaaliw ng Banal na Espiritu.

Isang araw ako ay nagtanong tungkol sa talinghagang ito ng paghahasik; bakit ginawa ng Diyos ang iba't ibang uri ng lupa? Bakit hindi ginawang isang anyo? Sinagot ko at sinabi ito ay nasa iyo upang pagdaanan at tanggapin ang paraan ng buhay na itinalaga ng Diyos para sayo. Ito ay nasa sayo upang baguhin ang lupa at gawing mabuti, pagyabungin at pamungahin, at ito ay nasa sa iyong kamay upang sumunod sa Diyos. Kung ikaw ay desidido na sumunod walang makakapagpahina ng loob sayo at lumihis ka mula sa pagsunod sa buhay na Diyos at paglingkuran Siya.

"17 Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya." (Santiago 4:17) Mayroong mga mabubuting bagay na dapat mong gawin. Ang Diyos ay tinawag kang may pananagutan kung ikaw ay nabigong gawin ang kailangan mong gawin; ang Panginoon ay isaalang alang ang kasalanang yaon kung ikaw ay nabigo na gawin ang mabuti na dapat mong gawin. Si Jesus ay malapit ng dumating, sa gayon ihanda ang iyong sarili at maging handa at maging handa upang magsisi at gawin ang mabuting gawain na nais ng Diyos sayo na gawin upang ang matuwid na buhay na nais Niya sayo upang isabuhay.

"51 Napagunawa baga ninyo ang lahat ng mga bagay na ito? Sinabi nila sa kaniya, Oo." (Mateo 13:51) Naunawaan mo ba ang lahat nga nga bagay na ito? Kung iyong naunawaan ang mensahe sa gayon ilapat ito sa iyong buhay. Tayo ay manalangin.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ang lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ng iyong Anak na si JesuCristo na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan at binigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ipahayag ngayon ang iyong mga kasalanan sa Panginoon at talikuran ang mga ito. Ipaghayag at talikuran ang lahat ng kasamaan, immoralidad, kawalan ng pangako, katamaran, kasiyahan, walang takot sa Diyos, kamunduhan, ang pagibig sa salapi, ang takot sa tao, ang pagaalala, at ang pangangalaga sa mundong ito at ang lahat ng tradisyon at kultura na mga diosdiosan na iyong hinahawakan. Panginoon ipinapahayag ko ang mga sumusunod na mga kasalanan at mga diosdiosan,

Panginoon patawarin mo ako sa pagiging oportunista at kawalan ng ugat at makaDiyos na mga simulain.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang lumayo mula sa aking pangarap at ganap na isinusuko ang aking kalooban at plano sayo. Panginoon ako'y handa upang sumunod sa iyong mga hakbangin at gawin ang mabuting gawain na inihanda mo para sa akin na gawin. Panginoon ako'y handa upang maging mabunga at magdala ng bagong mga kaluluwa sa iyong Kaharian. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan, kahinahudan at ang probisyon upang makamit yaon.

Panginoon aking Ipinapanalangin ang aking mga kapatiran na ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili upang paglingkuran ka. Panginoon ako'y nananalangin para sa kanila upang gawing posible sayo upang magparami pa ng bunga ng pagsisisi, higit pa ng bunga ng Banal na Espiritu at pagdadala ng maraming kaluluwa upang sumunod kay Cristo. Panginoon punuin mo sila ng iyong Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga kaloob na espirituwal na kailangan nila sa kanilang buhay upang maglingkod sayo. Panginoon gawin mong ang kanilang buhay na mabuting patotoo sa iba upang makilala ka at sumunod sayo.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, protektahan kami at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pataasin mo ang aming pananampalataya at ang aming pagtitiwala sayo. Panginoon bigyang daan kami upang makapagebanghelyo at upang abutin ang bagong mga tao at mga bansa, bagong bayan at bagong bansa ng mabuting balita ni Jesus. Panginoon bigyang daan kami upang magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya at magtanim ng bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon kunin ang mensaheng ito at ikalat ito. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong puso at ilayo kami sa

kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.